

Gabay sa Paghahanda sa Kalamidad



ぼうさい
防災チェックガイド



公益財団法人豊橋市国際交流協会

Toyohashi International Association



MGA NILALAMAN

<input checked="" type="checkbox"/> Maging Handa sa Lindol	2
<input checked="" type="checkbox"/> Pangunahing impormasyon ukol sa Lindol	3-4
<input checked="" type="checkbox"/> Ano ang mangyayari kung isang napakalakas na Lindol ang maganap	5
<input checked="" type="checkbox"/> Alamin ang inyong lugar sa Hazard Map	6
<input checked="" type="checkbox"/> Suriin ang kakayahan ng inyong tirahan laban sa Lindol	6
<input checked="" type="checkbox"/> Tiyaking matatag ang pagkabit ng mga kasangkapan Upang maiwasan ang pagbagsak nito	7
<input checked="" type="checkbox"/> Maghanda ng Emergency Kit at ang kakailanganin gamit para sa ilang araw	8
<input checked="" type="checkbox"/> Mga dapat gawin kapag naganap ang isang Lindol	9-10
<input checked="" type="checkbox"/> Pagpasiyahan kung paano makikipag-ugnayan sa iyong pamilya	11
<input checked="" type="checkbox"/> Mga dapat gawin bago lumikas ng tirahan kapag naganap ang isang Lindol	12
<input checked="" type="checkbox"/> Alamin ang malapit na shelter at ang daan patungo dito	13
<input checked="" type="checkbox"/> Mga pangunahing impormasyon ukol sa bagyo at malalakas na ulan	14-15
<input checked="" type="checkbox"/> Maging handa upang makalikom ng impormasyon sa kasalukuyang kalamidad/evacuation	16
<input checked="" type="checkbox"/> Ano ang ginagawa ng Lungsod ng Toyohashi para mabawasan ang mga panganib ng kalamidad	17-18
<input checked="" type="checkbox"/> Listahan ng lokasyon ng mga Safe Shelters	19

Listahan ng Emergency Kit
Disaster Preparedness Card

*Sa aklat na ito ay gumamit ng mga wikang hapon na madaling maintindihan ng mga dayuhang residente



MAGING HANDA SA LINDOL

● Paghahanda para sa emergency

- Mag-imbak ng pagkain at tubig. → See page 8 for details.
- Aktibong lumahok sa *chonai-kai* (distritong samahan ng mga lokal na residente) at kilalanin ang iyong mga kapitbahay.
- Aktibong lumahok sa mga “drills” o pagsasanay para sa paghahanda sa panahon ng kalamidad
- Pag-usapan at pagdesisyon kasama ng iyong pamilya kung ano ang mga dapat gawin sa oras na lumindol

→ See page 11 for details.



● Ang Japan ay bansa na madalas daanan ng lindol

Ang lindol ay maaaring maganap anumang oras at saanmang lugar.

Ang “Disaster Preparedness Guidebook” ay isang pamplet na naglalaman ng mga detalye kung ano ang mga dapat ihanda bago maganap ang lindol.

Para proteksyonan ang iyong sarili at ang iyong pamilya, maghanda ng maaga bago maganap ang lindol, sa ganitong paraan, maaari mo ring matulungan ang ibang tao sa inyong paligid.



PANGUNAHING IMPORMASYON UKOL SA LINDOL

SEISMIC INTENSITY SCALE (SHINDO)

Ang seismic intensity scale ay tumutukoy sa lakas ng pagyanig na dulot ng lindol.

Batay sa Japan Meteorological Agency's seismic intensity scale, ang lakas ng pagyanig ay tinutukoy bilang mga sumusunod:

Intensity 5 o mas mababa

Karamihan sa mga tao ay matatakot at mararamdaman mo na kailangan mong humawak sa isang bagay na matibay. Sa ilang pagkakataon, ang mga plato, baso, atbp., at ang mga libro sa istante ay malalaglag. Ang mga kasangkapan na hindi matatag ang pagkakabit ay maaaring mawala sa pwesto.



Intensity 5 o mas mataas

Karamihan sa mga tao ay mahihirapang lumakad. Ang paglalakad nang hindi humahawak sa matatag na bagay ay imposible. Ang mga kagamitan at ang bloke ng semento mula sa pader ay maaaring bumagsak.



Intensity 6 o mas mababa

Karamihan sa mga tao ay mahihirapang tumayo sa sariling paa. Ang mga kasangkapan ay maaaring mawala sa pwesto o kaya ay malaglag. Ang mga bahay na gawa sa kahoy ay maaaring humilig dahil sa lindol.



Intensity 6 o mas mataas

Imposibleng manatiling nakatayo. Ang mga kasangkapan ay maaaring maglaglagan. Ang mga bahay na gawa sa kahoy ay maaaring gumuho dahil sa lindol. Maaaring magkaroon din ng mga malalaking bitak sa lupa.



Intensity 7

Ang mga gusali na may mababang earthquake resistance ay guguhu. Kahit na ang mga bahay na yari sa kahoy na may mataas na earthquake resistance ay maaaring humilig.



● MGA LINDOL SA TOKAI AT TONANKAI

Isang napakalaking lindol na makakaapekto mula sa malaking bahagi ng Shizuoka Prefecture hanggang sa baybayin ng Kii Peninsula. Ang lindol na ito ay magdudulot din ng malaking pinsala sa Aichi Prefecture.

Ang inaasahang lakas ng lindol sa Aichi Prefecture ay batay sa mga nangyaring lindol sa rehiyon ng Tokai at Tonankai

とうかい とうなんかい じしんれんどう あいち けんない しん ど
東海・東南海地震連動の愛知県内の震度

Tinatayang lakas ng pagyanig sa Aichi Prefecture

予想される愛知県の震度

Naobserbahang lakas o tindi ng lindol 計測震度


■7 ■6強 ■6弱 ■5強 ■5弱 ■4 ■3以下

Tinatayang taas ng tsunami at ang oras ng pagdating nito (minuto)

つなみ たか なみ たか つなみ く じかん
津波<高い波>の高さと津波が来る時間

Taas ng tsunami (m) 津波の高さ (m)

■1.5~1.6 ■1.6~1.7 ■1.7~1.8 ■1.8~1.9 ■1.9~2.0 ■2.0~2.2 ■2.2~



Ang mga mahahalagang impormasyon ukol sa lindol at sa iba pang kalamidad ay inihahayag batay sa lokal na lugar. Siguraduhing alamin ang lugar nang inyong tinitirahan.

Aichi	Silangan (Tobu)	Hilagang bahagi ng Higashi-Mikawa (Higashi-Mikawa Hokubu)	Shinshiro-shi, Shitara-cho, Touei-cho, Toyone-mura
		Katimugang bahagi ng Higashi-Mikawa (Higashi-Mikawa Nambu)	Toyohashi-shi, Toyokawa-shi, Gamagouri-shi, Tahara-shi
		Hilagang silangang bahagi ng Nishi-Mikawa (Nishi-Mikawa Hokutobu)	Silangang bahagi ng Toyohashi-shi
	Kanluran (Seibu)	Hilagang kanlurang bahagi ng Nishi-Mikawa (Nishi-Mikawa Hokutobu)	Kanlurang bahagi ng Toyota-shi (Toyota-shi Seibu), Miyoshi-shi
		Katimugang bahagi ng Nishi-Mikawa (Nishi-Mikawa Nambu)	Okazaki-shi, Hekinan-shi, Kariya-shi, Anjou-shi, Nishio-shi, Chiryu-shi, Takahama-shi, Kouta-cho
		Silangang bahagi ng Owari (Owari Tobu)	Nagoya-shi, Seto-shi, Kasugai-shi, Inuyama-shi, Komaki-shi, Owariasahi-shi, Toyoake-shi, Nisshin-shi, Nagakute-shi, Tougou-cho
		Kanlurang bahagi ng Owari (Owari Seibu)	Ichinomiya-shi, Tsushima-shi, Kounan-shi, Inazawa-shi, Iwakura-shi, Aisai-shi, Kiyosu-shi, Kitanagoya-shi, Yatomi-shi, Ama-shi, Toyoyama-cho, Ouguchi-cho, Fusou-cho, Ouharu-cho, Kanie-cho, Tobishima-mura
		Chita Area	Handa-shi, Tokoname-shi, Toukai-shi, Oubu-shi, Chita-shi, Agui-cho, Higashiura-cho, Minamichita-cho, Mihama-cho, Taketoyo-cho



ANO ANG MAAARING MANGYARI KUNG ISANG NAPAKALAKAS NA LINDOL ANG MAGANAP ?

A MGA KABAHAYAN

Ang mga bahay ay guguhho at ang mga gamit ay maaaring maglaglagan.

B MGA KALSADA

Ang mga kalsada ay maaaring isara dahil sa pagguho ng mga gusali.
Magkakaroon ng mabigat na daloy ng trapiko.
Mag-ingat sa mga bubog mula sa basag na salamin ng mga bintana.

C TREN

Maaaring ihinto ang serbisyo ng mga tren.
Maaaring malaglag mula sa riles ang mga tumatakbong tren.

D UNDERGROUND AREA

Maaaring magkaroon ng pagbaha sa mga underground area.
Magkakagulo ang mga tao sa paglabas sa exit.

E MGA BUNDOK

Magkaroon ng pagguho o landslide, na magiging sanhi ng pagkasira ng mga bahay at pagsasara ng mga kalsada.

F MGA LUGAR MALAPIT SA ILOG

Maaaring hindi makatawid sa kabilang lugar dahil sa pagkasira ng mga tulay.
Magkakaroon ng pagbaha sa mga lugar malapit sa ilog.
Mag-ingat sa tsunami na maaaring tumama sa mga lugar malapit sa ilog.

G MGA LUGAR SA BAYBAYING DAGAT

Kapag ang lindol ay naganap sa ilalim ng karagatan posibleng magkaroon ng paulit-ulit na tsunami.
Kadalasan ang ikalawa at ikatlong alon ay mas malaki kaysa sa naunang alon.



ALAMIN ANG INYONG LUGAR SA “HAZARD MAP”

Ang “Hazard Map” ay nagpapakita ng mga lugar na posibleng mapinsala sa panahon ng kalamidad.

Mayroong “hazard map” para sa lindol, “hazard map” para sa baha at iba pa.

Para sa hazard map ng inyong lugar, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng munisipyo sa inyong lugar.



SURIIN ANG KAKAYAHAN NG INYONG TIRAHAN LABAN SA LINDOL

Ang bilang ng mga biktima sa “Great Hanshin-Awaji Earthquake” noong taong 1995 ay umabot sa 6,434 na kung saan 4,831 ang namatay dahil sa pagguho ng mga bahay at gusali. Ang mga bahay, gusali at iba pang istraktura na itinayo pagkatapos ng naganap na lindol ay may mas mataas na “earthquake-resistance”.

Ang mga istrakturang ginawa bago mag Hunyo 1, 1981 ay may mababang “earthquake resistance” at maaaring gumuho kapag naganap ang malakas na pagyanig.

Kung ang iyong tirahan ay yari sa kahoy at ginawa bago mag Hunyo 1, 1981, ipinapayong makipag-ugnayan sa tanggapan ng munisipyo sa inyong lugar upang masuri ang “earthquake-resistance” ng inyong tahanan. (Libre ito).



Kung ikaw ay nakatira sa “apartment o housing complex”, magtanong sa iyong landlord (oyasan, etc.) para sa mga detalye.




TIYAKING MATATAG ANG PAGKABIT NG MGA KASANGKAPAN UPANG MAIWASAN ANG PAGBAGSAK NITO

Para maiwasang masugatan o makulong sa mga nagbagsakang kasangkapan, mahalagang siguruhin na matatag ang pagkakabit ng mga ito.

- Siguraduhin na matatag ang pagkakalagay ng mga kasangkapan para hindi ito gumalaw sa puwesto.
- Kung maaari, iwasang maglagay ng mga kasangkapan sa sala at sa kuwarto na maaaring bumagsak sa oras ng pagyanig.
- Makakabili sa mga “home center” at “hardware store” ng iba’t-ibang klase ng “fixtures” para masigurado na hindi babagsak ang inyong mga kasangkapan sa oras ng pagyanig.



Isulat ang mga malalapit na tindahan na nagbebenta ng mga “fixtures” para sa kasangkapan.





MAGHANDA NG “EMERGENCY KIT” AT ANG KAKAILANGANIN GAMIT NG ILANG ARAW

● HALIMBAWA NG EMERGENCY KIT

Pera (papel at barya), bankbook, personal seal (inkan), passport, residence card, kopya ng health insurance card, international prepaid card (international phone calls) contact number (cellphone number ng kapamilya, bilang ng telepono sa trabaho/eskuwelahan), baterya o charger ng cellphone, tissue box, tuwalya, disinfectant (para sa kamay), masks, kapote, flashlight (de-baterya), lighter, kutsilyo, undergarments, gwantes, radyo, pagkain, helmet, mga baterya, tubig, salamin sa mata, contact lens at iba pang “accessories” nito, sanitary goods at iba pa.

● HALIMBAWA NG PAGKAIN AT PANG ARAW-ARAW NA KAKAILANGANING GAMIT SA LOOB NG ILANG ARAW

Inuming tubig (3 litro bawat tao sa loob ng isang araw), tubig para sa pagluluto at para sa paggamit ng palikuran, pagkain (hindi madaling mabulok), lalagyan ng tubig (container), portable na kalan, can opener, kumot, damit, kandila, portable toilet, tooth brushing sheet, wet towels, first aid kit, gamit sa paglilinis (walis, dustpan, atbp.)



Tingnan paminsan-minsan ang expiration date ng mga pagkain.



★Hints★

Limitahan ang bigat ng “emergency kit” ng 15 kilo para sa lalake at 10 kilo para sa babae. Ang mabigat na bitbitin ay maaaring makahadlang sa agarang paglikas. Isipin at ihanda ng maaga ang mga kakailanganin gamit, pagkain, at iba pa, na dadalhin sa paglikas habang naghihintay ng rescue.



MGA DAPAT GAWIN KAPAG NAGANAP ANG ISANG LINDOL

Case

1

SA LOOB NG BAHAY

Agad magkubli sa ilalim ng mesa at protektahan ang iyong ulo gamit ang isang unan para maiwasang masaktan sa mga nagbabagsakang kasangkapan.



Kung ikaw ay nakatira sa apartment o housing complex, huwag gumamit ng elevator. Kapag ang unang pagyanig ay humupa, buksan ang pintuan o bintana para makasiguro na kayo ay makakalabas.

Case

2

SA KALSADA, SA LOOB NG PAMILIHAN

Mag-ingat sa mga naglalaglagang bagay (basag na salamin at mga signboard ng mga gusali) at ang mga nasirang bloke ng semento at vending machines.

Mag-ingat sa mga sasakyan. Pumasok sa gusali na sa tingin ninyo ay matatag at ligtas na lugar. Umiwas sa mga nasira at naglaylayang mga kable ng kuryente.

Sa underground shopping malls, humanap ng maluwag na labasan para maiwasan ang pakikipagsiksikan sa mga tao.



Case

3

SA LOOB NG SASAKYAN

Kung ikaw ay nagmamaneho at naganap ang isang lindol, buksan ang hazard light at dahan-dahang itabi ang sasakyan sa kaliwang bahagi ng kalsada. Huwag magmadaling lumabas ng sasakyan; makinig sa radyo para sa mga impormasyon.



Kung kailangan mo ng lugar na masisilungan, dalhin mo ang iyong vehicle inspection certificate (shakensho). Iwan ang susi sa “ignition” upang mailipat ito kung sakaling makaabala sa pagdaan ng ambulansiya o trak ng bumbero. Isara ang bintana at huwag i-lock ang pintuan. Mag-iwan ng mensahe na nakasulat ang inyong telepono.

Kung ikaw ay nasa highway, mag-ingat sa ibang sasakyan at maghanap ng “emergency exit o interchange”.

Case

4

SA LOOB NG TREN

Kapag naganap ang isang malakas na lindol, ang “brake system” ng umaandar na tren ay kusang naa-activate. Humawak sa isang matatag na bagay upang hindi matumba. Kung sakaling maganap ang lindol habang ikaw ay nasa “platform” ng istasyon, mag-ingat na huwag malalag sa riles ng tren. Protektahan ang iyong ulo sa mga naglalaglagang bagay habang palabas ng istasyon, at sundin ang sinasabi ng mga kawani ng tren.



Case

5

SA TRABAHO

Umiwas sa mga istante ng libro at mga bintana. Para sa iyong kaligtasan, alamin ng maaga kung nasaan ang mga emergency exit at ang pinakamalapit na mga shelter.

Stranded victims supporter sticker (ano ito?)

Kapag ang pampublikong transportasyon gaya ng tren at bus ay nahinto ang serbisyo dahil naganap ang isang napakalakas na lindol, maraming tao ang mapipilitang maglakad pauwi mula sa trabaho at paaralan. Para matulungan ang mga taong ito, ang mga convenience store, gas stations at post office na may ganitong sticker sa kanilang tindahan ay nag-aalok ng tubig inumin, impormasyon sa kasalukuyang sitwasyon (Japanese lamang) at nagpapagamit din ng palikuran.



Alamin ng maaga ang mga convenience store, gas station at post office na may ganitong sticker sa daan habang pauwi galing sa trabaho o paaralan.

Case

6

MALAPIT SA TABING-DAGAT

Kung naramdaman mo ang pagyanig malapit sa tabing-dagat, pumunta agad sa mas mataas na lugar. Kahit sa tingin ninyo na mahina lamang ang pagyanig, maaaring maganap ang isang tsunami. Dahil ang tsunami ay paulit-ulit na dumarating, siguraduhin na lumayo mula sa tabing-dagat.





PAGPASIYAHAN KUNG PAANO MAKIKIPAG-UGNAYAN SA IYONG PAMILYA

Sa oras ng kalamidad, ang mga linya ng telepono ay magiging okupado dahil sa dami ng mga tawag. Sa panahon ng emergency ay maaari mong gamitin ang Disaster Message Board Service at ang Disaster Emergency Message Dial 171 Service. Ipinapayong pag-aralan ng maaga kung paano ang pag-access ng serbisyong ito. Pag-usapan din kasama ng iyong pamilya kung saan magkikita sa oras ng emergency.

● PRACTICE REGISTRATION PERIODS

Tuwing ika-1 at ika-15 ng buwan, mula Agosto 30 hanggang Setyembre 5, at mula Enero 15~21.

● DISASTER MESSAGE BOARD

Maaari mong ma-access ang message board mula sa iyong mobile phone at ipadala ang iyong mensahe.

Kapag inilagay mo sa disaster message board na ikaw ay ligtas, malalaman ng mga kakilala o kaanak mo ang iyong mensahe saan man sa daigdig sa pamamagitan ng internet.

Paano
maglagay ng
mensahe

I-access ang Disaster Message Board sa inyong mobile phone at piliin ang **“post a message”** at maglagay ng mensahe (100 characters).

Paano
magbasa ng
mensahe

I-access ang Disaster Message Board page sa inyong mobile phone at piliin ang **“read a message”**. Pagkatapos mailagay ang phone number ng taong nais mong alamin ang kalagayan, mababasa mo ang nakalagay na mensahe.

● WEB 171 DISASTER MESSAGE BOARD SERVICE

<https://www.web171.jp/>

Mayroon sa wikang Ingles, Chinese at Korean

● DISASTER EMERGENCY MESSAGE DIAL 171

※ang gabay ay sa salitang Japanese

Maaari kang mag-iwan ng mensahe na may habang 30 segundo.

Ang ni-record na mensahe ay kusang mabubura pagkatapos ng 48 oras.

Para
mag-record
ng mensahe

Dial **171** → Press **1** → Idial ang 171 →Pindutin ang 1 → ilagay ang sariling telephone number (kasama ang area code) →Record


Para
mapakinggan
ang mensahe

Dial **171** → Press **2** → Idial ang 171 →Pindutin ang 2 → ilagay ang telephone number ng inyong kaibigan/miyembro ng pamilya (kasama ang area code) →Pakinggan ang mensahe.



MGA DAPAT GAWIN BAGO LUMIKAS NG TIRAHAN KAPAG NAGANAP ANG ISANG LIDOL

- Ikandado ang bahay para hindi pasukin ng mga magnanakaw at para maiwasan ang pagkalat ng sunog.
- Patayin ang main gas valve at ang water tap (main valve, hindi ang gripo kundi ang mismong stop tap). Siguraduhin na nakapatay ang breaker ng kuryente para maiwasan ang sunog.



- Sa paglikas, mag-iwan ng mensahe sa may pintuan para malaman ang inyong kalagayan. (Halimbawa ng mensahe: Ligtas kami)



★Hints★

Kapag nagkaroon ng sunog, maging kalma at agad patayin ang apoy.
Kapag ang apoy ay lumaki, mahirap na itong puksain.
Kapag ito ay umabot sa kisame, huwag nang subukang patayin ito at agad na lumikas.





ALAMIN ANG MGA MALAPIT NA “SHELTER” AT ANG DAAN PATUNGO DITO

May iba't-ibang uri ng mga shelter at evacuation area.

● Temporary Safety Evacuation Areas (*ichiji hinan basho*)

Ang unang lugar na matatakbuhan sa oras ng kalamidad bago lumipat sa “shelter” (halimbawa: gaya ng malapit na bakanteng lupa, parke/liwasan at iba pa).



● Safety Evacuation Areas (*kōiki hinan basho*)

Ito ay lugar na matatakbuhan kapag ang Temporary Evacuation Area ay malubhang naapektuhan ng sunog. Ang mga halimbawa ng mga lugar na ito ay ang malalaking parke/liwasan o mga palaruan na hindi napapaligiran ng mga gusali.

● Designated Tsunami Evacuation Buildings (*tsunami hinan biru*)

Ang mga gusaling ito ay magsisilbing pansamantalang lugar na malilikasan ng mga residenteng walang malapit na mataas na lugar. Ang mga itinalagang Tsunami Evacuation Building ay hindi magsisilbing tirahan o tuluyan ng mga residenteng nagsilikas.



● Shelters (*hinanjo*)

Ito ay lugar kung saan manunuluyan ang mga lokal na residente na nawalan o nasiraan ng tahanan sanhi ng kalamidad. Hindi kailangan ng pera o anumang kwalipikasyon. Bukas ang shelters hindi lamang sa mga Hapon kungdi pati na sa mga dayuhang residente na nasalanta ng kalamidad.

★Hints★

Alamin nang maaga ang pinakamalapit na shelter at lakarin ito kasama ng iyong pamilya. Dahil may posibilidad na ang mga kalsada ay hindi madadaan pagkatapos maganap ang isang lindol, ipinapayo namin na alamin ang iba't-ibang ligtas na daan patungo sa shelter. Maging handa hindi lamang sa pagdating ng lindol kung hindi pati na rin sa bagyo at malalakas na ulan. Kapag pinasok ng baha ang inyong tahanan agad magpunta sa ikalawang palapag o sa susunod na palapag o sa pinakamalapit na mataas gusali sa inyong lugar.



MGA PANGUNAHING IMPORMASYON UKOL SA BAGYO AT MALALAKAS NA ULAN

● BAGYO

Ang Japan ay madalas daanan ng bagyo tuwing buwan ng Agosto hanggang Oktubre. Mararanasan ang malakas na hangin na may kasamang malakas na pag-ulan tuwing may bagyo.

Ang Bagyong Isewan at iba pang malalakas na bagyo ay nagdulot ng malaking pinsala sa buong Aichi.



Isewan Typhoon

● MALALAKAS NA ULAN

Ang malakas na ulan na nangyari sa Tokai noong taong 2000 at ang matinding pag-ulan ay paulit-ulit na nagdulot ng malaking pinsala sa buong Aichi.

Ang malakas na pag-ulan ay madalas mangyari kapag patapos na ang tag-ulan at tuwing panahon ng bagyo. Sa mga ganitong pagkakataon, mag-ingat sa baha at pagguho ng lupa o “landslide”.



Tokai Heavy Rain

● MGA DAPAT TANDAAN KAPAG MAY PARATING NA BAGYO

- Makibalita at kumuha ng mga impormasyon sa telebisyon, radyo, at iba pa.
- Iwasan ang mga mapanganib na lugar gaya ng umaapaw na ilog o talampas/bangin.
- Ipinapayo na agad lumikas ang mga taong maysakit, sanggol, matatanda o may kapansanan.

● MGA DAPAT TANDAAN KAPAG LUMILIKAS

- Magsuot ng “rubber shoes” at higgitan ang tali ng sapatos. Hindi nirerekomenda ang bota dahil maaari itong pasukan ng tubig at mahihirapan sa paglalakad.
- Itali ng lubid ang bawat isa sa iyong pamilya kasama na ang iyong sarili upang hindi magkahiwa-hiwalay. Bantayang mabuti ang mga bata.
- Sa kabuuuan, tinatayang ang lalim ng tubig baha na maaaring lakarin ng mga lalake ay 70 cm at 50 cm naman ang sa babae. Gayunpaman, kapag mabilis ang pagdaloy ng tubig, kahit ito ay mababaw ay maaari maanod o matangay. Huwag piliting tumawid. Lumipat sa mas mataas na lugar at maghintay sa “rescue”.
- Nirerekomenda na ilagay ang mga gamit sa “back pack” para walang bitbit ang mga kamay.
- Maraming mapanganib na lugar sa ilalim ng tubig baha, gaya ng “open manhole”, malalim na bahagi sa kalsada, hagdan, atbp. Mangyaring gumamit ng mahabang tungkod o sanga ng kahoy sa paglalakad para makaiwas sa mga ito.
- Upang matiyak ang kaligtasan, pasanin ang mga matatanda at ang mga may kapansanan. Gumamit ng “life bouy” o salbabida para sa mga maliliit na bata at “baby bathtub” para sa mga sanggol.



MAGING HANDA UPANG MAKALIKOM NG IMPORMASYON SA KASALUKUYANG KALAMIDAD AT “EVACUATION”

Sa panahon ng kalamidad, ang mga impormasyon para sa kalamidad at “evacuation” ay ipinagbibigay-alam sa t.v., radyo at “public speaker system”.

Inirerekomendang maghanda ng radyong di-baterya para makakuha ng impormasyon kahit walang kuryente.

● **Advisory (chūihō) >>>>>>>>**

Inilalabas ang Advisory o chuiho kapag ang malakas na pag-ulan o mabagsik na panahon ay nagbabadya ng sakuna.

● **Warning (keihō) >>>>>>>>**

Inilalabas ang Warning o keiho kapag ang malakas na pag-ulan o mabagsik na panahon ay nagbabadya ng isang malaking sakuna.

● **Emergency Warning (tokubetsu keihō) >>>>>>>>**

Inilalabas ang Emergency warning o tokubetsu keiho kapag ang malakas na pag-ulan o mabagsik na panahon ay nagbabadya ng panganib na posibleng magdulot ng malaking pinsala sa mga lokal na residente na nararanasan lamang isang beses pagkalipas ng napakaraming taon. Kaagad gawin ang mga hakbang upang protektahan ang inyong buhay.

● **Notice to Prepare for Evacuation (hinan junbi jōhō) >>>>>>>>**

Ang mga residente ay pinapayuhang maghanda para sa paglikas.

● **Evacuation Advisory (hinan kankoku) >>>>>>>>**

May panganib na maganap ang isang sakuna. Ang mga residente ay kinakailangang lumikas.

● **Evacuation Order (hinan shiji) >>>>>>>>**

May nagbabadyang napakalaking sakuna. Ang mga residente ay dapat na kaagad lumikas.

★Hints★

Dahil ang lahat ng impormasyon ay ihinahayag sa salitang Japanese, ipinapayo na tandaan ang mga salitang “hinan shiji” (Evacuation Order) at “hinan kankoku” (Evacuation Advisory). Ipinapayo ring makipag-ugnayan sa mga kapitbahay at pakiusapan na sabihan kayo kapag kailangan nang lumikas.



Ano ang ginagawa ng lungsod ng **Toyohashi** para mabawasan ang mga panganib sa kalamidad Kumuha at gamitin ang mga impormasyon ukol sa kalamidad at paglikas

Paano makakuha ng impormasyon

Outdoor Warning Siren Systems

Ang mga “outdoor warning siren systems” ay nagbibigay alerto sa komunidad sa pamamagitan ng sirena at “voice announcements” sa panahon ng emergency. May 62 “warning siren devices” sa lungsod ng Toyohashi (April 1, 2015) na nagbibigay ng mga impormasyon para sa “evacuation” at “disaster recovery”. Ang mga kaukulang impormasyon mula sa Japan Meteorological Agency o agarang impormasyon galing sa Cabinet secretariat ay ipinahahayag din sa pamamagitan ng “J-Alert System” o ang tinatawag na nationwide early warning system.



MGA URI NG IMPORMASYON

- Mga babala para sa paglikas (paghahanda sa paglikas/mga babala/utos)
- Impormasyon ukol sa taas ng tubig sa ilog
- Mga babala ukol sa pagtama ng lindol (kung ang lakas o tindi ng lindol na naitala sa silangang bahagi ng Aichi ay umabot sa intensity 4 pataas)
- Babala sa kalagayan ng panahon gaya ng TOKUBETSU KEIHO (Special Warning) at babala sa pagkakaroon ng tsunami (Tsunami warning)
- Mga impormasyong kailangan para sa Civil Protection gaya ng “Ballistic Missile Attacks”.
- Test broadcasting (music broadcast araw-araw, tuwing 5:00 ng hapon)

※ Kung nais mong makakuha ng abiso, tumawag sa 0532-55-4360, 55-4361, 55-4362

Paano makakuha ng kaukulang impormasyon sa pamamagitan ng e-mail o radyo

Makakakuha ng mga kaukulang impormasyon sa pamamagitan ng “Toyohashi Hotmail” at “Toyohashi Bousai Radio”, na makakatulong kapag hindi mo marinig ang pagtunog ng sirena at iba pang anunsyo dahil sa sama ng panahon, at iba pa.

Toyohashi Hotmail

Ang Lungsod ng Toyohashi ay nagpapadala ng emergency e-mail ukol sa mga impormasyon gaya ng mga evacuation center at weather warning sa inyong cell phone, smart phone at computer sa panahon ng sakuna kapag nakapagparehistro dito. Mayroon nito sa wikang Hapon, Ingles at Portuguese. Ang pagpaparehistro sa Toyohashi Hot Mail ay lubos na inirerekomenda upang direktang makakuha ng mga impormasyon sa panahon ng emergency.

MGA URI NG IMPORMASYON

- Mga mahalagang impormasyon sa panahon ng sakuna
- Mga emergency e-mails sa panahon na may kalamidad
- Impormasyon tungkol sa mga evacuation shelter.
- Impormasyon pang-emergency sa serbisyong medikal

PAANO MAGREHISTRO

Magpadala ng blankong e-mail sa tou@anzen-ansin.net at sundin ang instruksyon para sa pagpaparehistro. Para sa cell phone, gamitin ang QR Code sa kanan. Magpadala ng blankong e-mail sa address na natanggap.



※ Kung gumagamit ng anti-spam filter, mangyari ay ayusin ang setting ng iyong cell phone para makatanggap ng mga “mail” mula sa Toyohashi City sa iyong mailbox

Area mail and Kinkyu Sokuhou mail (Emergency Warning Notification System)

Area Mail (NTT Docomo) at Kinkyu Sokuhou Mail (au, Softbank) ay ang mga system na ginagamit sa pagpapadala ng mga abiso, gaya ng tsunami warnings na magmumula sa Japan Meteorological Agency o mga impormasyon ukol sa mga kalamidad at paglikas na nagmumula sa lokal na pamahalaan. Ang mga “mail” na ito ay ipapadala sa mga taong nakatira sa mga apektadong lugar.

※Depende sa uri ng inyong telepono kung makakatanggap o hindi ng mga mensahe. Ang ibang telepono ay kailangan muna i-reset bago makatanggap ng mga abiso.

TOYOHASHI BOUSAI RADIO (MGA RADIO NA GINAGAMIT SA PANAHON NG KALAMIDAD O KAGIPITAN)

Gamit ang electrical wave ng Radio FM Toyohashi (84.3 MHz), ay maaari mong marinig ang mga emergency information, 24 oras, kahit pa nakapatay ang radyo. Ang ganitong mga uri ng radyo ay mabibili sa mga appliance center na pag-aari ng Electrical Business Union sa Toyohashi. ※1 pamilya (1 business office) maaaring bumili ng kahit ilang yunit ng radio. ※Para sa detalye tungkol sa mga tindahan na kasapi ng Electrical Business Union ay mangyaring bisitahin ang website ng Toyohashi City Hall.

Mga uri ng impormasyon

- Evacuation warnings (paghahanda sa paglikas/mga babala/mga utos)
- Impormasyon hinggil sa taas ng tubig sa ilog
- Earthquake warnings (kapag naitala ang intensity 4 o higit pa sa silangang bahagi ng Aichi)
- Weather warnings gaya ng TOKUBETSU KEIHO (Special Warning) at Tsunami Warning
- Impormasyon na kailangan para sa Civil Protection gaya ng “Ballistic Missile Attacks”, at iba pa.



Paalala

- Ang radyo na ito ay makakatanggap lamang ng balita mula sa Radio FM Toyohashi
- Maaari kang makakuha ng mga impormasyon kahit nakikinig ng ibang istasyon. Siguruhin lamang na nakabukas ang inyong radyo.

Lumikas bago pa lumubha ang sitwasyon

Alamin at magsanay kung ano ang dapat gawin bago pa man maging malubha ang sitwasyon. Pag-usapan ang tungkol sa Family Emergency Plan at pumili ng isang lugar kung saan ang iyong pamilya ay

Evacuations

Kapag ang panahon ay lubos na mapanganib (gaya ng mataas na lebel ng tubig sa ilog, masamang panahon, atbp.), at kailangan lumikaks ang mga tao sa shelter, ang Toyohashi ay maglalabas ng tatlong uri ng babala, depende sa sitwasyon.

Paalaala

Ang paglikas sa gabi o sa kasagsagan ng bagyo ay mapanganib. Depende sa sitwasyon, makabubuting manatili muna sa loob ng bahay o kaya ay magpunta sa mas mataas na palapag sa iyong tinitirhan o sa kalapit na gusali, kung kinakailangan.

Antas ng Panganib	Uri ng Babala	Ano ang mga kailangang gawin
	Boluntaryong paglikas 自主避難 (じしゅひなん)	Lumikas kung nararamdaman na ang sitwasyon ay mapanganib
	① Abiso/Payo para Maghanda sa Paglikas 避難準備情報 (ひなんじゅんびじょうほう)	Maghanda sa paglikas o simulan na ang paglikas kung malayo ang shelter sa inyong tahanan
	② Babala sa paglikas 避難勧告 (ひなんかんこく)	Kailangang lumikas dahil sa posibilidad na magkaroon ng kalamidad
	③ Mandatory Kautusan para sa sapilitang paglikas 避難指示 (ひなんしじ)	Malubhang mapanganib at kailangan ng agarang paglikas

- ※ Sa sandaling ang lungsod ng Toyohashi ay naglabas ng evacuation warning, ang mga shelter ay dagliang bubuksan.
- ※ Kung ikaw ay nagdesisyong lumikas bago pa man buksan ang shelter, mangyaring tumawag sa 0532-51-2055 (Disaster Preparedness and Crisis Management Division). Siguraduhin na magdala ng mga pagkain at iba pang mga kakailanganing bagay ng inyong pamilya sa loob ng shelter.

MGA NAKATALAGANG EMERGENCY SAFE AREAS AT SAFE SHELTERS

Kapag may nagbabadyang kalamidad o kasagsagan ng kalamidad, para sa kaligtasan ng mga residente ng lungsod ng Toyohashi, may mga nakatalagang Emergency Safe Areas sa iba't-ibang lugar depende sa uri ng kalamidad, gaya ng FU-SUIGAI (bagyo, baha, atbp.), lindol, tsunami at sunog. Kung ang biktima ng mga kalamidad na ito ay nawalan ng tirahan at kailangang ng masisilungan, ang itinalagang safe shelters ay bubuksan.

Tingnan ang pahina 37 at 38 para makita ang mga itinalagang safe shelters a nakatalagang at pasilidad.



1 Designated Emergency Safe Areas (Lumikas sa malapit na designated shelter sa kaganapan ng kalamidad)

- Sa kaganapan ng FU-SUIGAI (malakas na hangin, baha, atbp.)---Primary at Secondary Designated Safe Shelters.
- Sa kaganapan ng lindol (sa mga lugar na walang panganib ng baha dahil sa tsunami)---Temporary Safe Areas (174 na parke sa Toyohashi), Safe Areas (6 na parke sa Toyohashi), Evacuation Bases (elementary at junior high school grounds)
 - ※Lumikas sa mas mataas na lugar sa labas ng Tsunami Flood Zone kung may nagbabantang pagbaha sanhi ng tsunami
 - ※Ang ilang mga school district ay may sariling Temporary Shelters.
- Sa kaganapan ng Tsunami (kapag wala nang oras para makapunta sa mga matatas na lugar)---Tsunami Evacuation Buildings o mga Tsunami Evacuation Shelters or Areas
- Sa kaganapan ng malaking sunog---Safe Areas (6 na parke sa Toyohashi)

2 Designated Safe Shelters

Ang mga shelter na ito ay para sa mga biktima ng kalamidad na nasiraan ng bahay at hindi matirahan. Ang Primary at Secondary Safe Shelters ay ginagamit din bilang Designated Emergency Safe Areas para sa mga biktima ng FU-SUIGAI (malakas na hangin, baha, atbp.). Ang mga pasilidad na ito ay maaaring hindi ligtas depende sa uri ng kalamidad.

- Primary Designated Safe Shelters (KOUKU SHIMINKAN [school district centers], CHIKU SHIMINKAN [regional civic centers])
- Secondary Designated Safe Shelters (elementary at junior high schools, atbp.)---Ang lugar na ito ay bubuksan lamang kapag ang Primary Designated Safe Shelters ay puno na.



List of the Locations of Safe Shelters

List of the Locations of Safe Shelters (March 31, 2015)

Safe Shelter



Primary Designated Safe Shelter



Secondary Designated Safe Shelter

Primary Designated Safe

These shelters are for the disaster victims whose houses are/will be damaged and they are unable to live in.

Primary Designated Safe



These Secondary Designated Safe Shelters will be opened when Primary Designated Safe Shelters are over capacity.

(School) Districts	No.	Name of facilities	Telephone	Floods	Earthquake Tsunami	First Aid
Kamo	1	Kamo Kouku Shiminkan	88-1421	▲		
	1	Kamo Shougakkou	88-0400	▲		
Saigou	2	Saigou Kouku Shiminkan	88-1422			
	2	Saigou Shougakkou	88-0271			
Gejou	3	Gejou Kouku Shiminkan	88-1420	▲		
	3	Gejou Shougakkou	88-2350	▲		
Tamagawa	4	Tamagawa Kouku Shiminkan	88-5441			
	5	Ishimaki Chiku Shiminkan	88-1317			
	4	Tamagawa Shougakkou	88-0007			
Suse	5	Ishimaki Chuugakkou	88-0006			+
	6	Suse Kouku Shiminkan	88-1412			
Ishimaki	6	Suse Shougakkou	88-0008			
	7	Ishimaki Kouku Shiminkan	88-1424			
Maeshiba	7	Ishimaki Shougakkou	88-0010			
	8	Maeshiba Kouku Shiminkan	32-3750	▲	▲	
Tsuda	8	Maeshiba Shougakkou	31-0500	▲	▲	
	9	Maeshiba Chuugakkou	31-0507	▲	▲	+
	10	Umeyabu Kouminkan		▲	▲	
Shimoji	9	Tsuda Kouku Shiminkan	31-9644	▲	▲	
	11	Tsuda Shougakkou	31-4429	▲	▲	
Omura	10	Shimoji Kouku Shiminkan	53-4481	▲		
	12	Shimoji Shougakkou	54-2233	▲		
Ushikawa	13	Hokubu Chuugakkou	52-3108	▲		+
	11	Omura Kouku Shiminkan	53-9658	▲		
Takaoka	12	Hokubu Chiku Shiminkan	53-4212	▲		
	14	Omura Shougakkou	52-4235	▲		
Yoshidagata	13	Ushikawa Kouku Shiminkan	53-9533			
	14	Seiryu Chiku Shiminkan	61-9285			
	15	Ushikawa Shougakkou	52-2616			
Matsuba	16	Seiryu Chuugakkou	54-2165			+
	15	Takaoka Kouku Shiminkan	61-9821			
Hatchou	16	Touryo Chiku Shiminkan	64-8088			
	17	Takaoka Shougakkou	63-2633			+
	18	Touryo Chuugakkou	66-2671			
Asahi	17	Yoshidagata Kouku Shiminkan	31-9651	▲	▲	
	18	Yoshidagata Chiku Shiminkan	32-3978	▲	▲	
Azumada	19	Yoshidagata Shougakkou	31-2055	▲	▲	+
	20	Yoshidagata Chuugakkou	31-4887	▲	▲	
Hanada	21	Matsuba Kouku Shiminkan	53-4794	▲		
	21	Matsuba Shougakkou	52-0265	▲		
Hanei	20	Hatchou Kouku Shiminkan	53-9472			
	21	Houjou Chiku Shiminkan	53-3304			
Futagawa	22	Hatchou Shougakkou	52-1184			+
	23	Houjou Chuugakkou	54-1275			
Futagawa	24	Koukaidou (Auditório)	51-3077			
	22	Asahi Kouku Shiminkan	53-4795			
Futagawa	25	Asahi Shougakkou	52-2934			
	26	Fujinohana Joshi Koukou	61-5468			
Futagawa	23	Azumada Kouku Shiminkan	61-9822			
	27	Azumada Shougakkou	62-0448			
Futagawa	28	Nirengi Roujin Fukushima Center	62-0213			
	29	Toyohashi Keirinjo (Velódromo)	61-3136			
Futagawa	30	Shiritsu Toyohashi Koukou	62-0278			
	24	Hanada Kouku Shiminkan	31-9612			
Futagawa	31	Hanada Shougakkou	31-4517			+
	32	Hanada Chuugakkou	31-3145			
Futagawa	25	Hanei Chiku Shiminkan	32-5050			
	33	Hanei Shougakkou	31-0375			

(School) Districts	No.	Name of facilities	Telephone
Shinkawa	26	Shinkawa Kouku Shiminkan	54-1590
	34	Shinkawa Shougakkou	52-3148
	35	Chuubu Chuugakkou	54-8108
Matsuyama	27	Matsuyama Kouku Shiminkan	56-5818
	28	Chuubu Chiku Shiminkan	53-0638
	36	Matsuyama Shougakkou	52-0484
	37	Maeda Minami Chiku Taiikukan	53-0103
Mukaiyama	29	Mukaiyama Kouku Shiminkan	53-4477
	38	Mukaiyama Shougakkou	52-0396
	39	Toyohashi Higashi Koukou	61-3146
	40	Toyohashi Shougyou Koukou	52-2256
Yutaka	30	Yutaka Kouku Shiminkan	61-9860
	31	Toyooka Chiku Shiminkan	61-5632
	41	Yutaka Shougakkou	63-2331
	42	Fujinohana Daini Taiikukan	63-3793
Iwata	32	Iwata Kouku Shiminkan	61-9861
	43	Iwata Shougakkou	61-2607
	44	Toyooka Chuugakkou	61-3278
	45	Yutakagaoka Koukou	62-3281
Tame	33	Tame Kouku Shiminkan	61-9823
	34	Touyou Chiku Shiminkan	61-7741
Muro	46	Tame Shougakkou	62-6167
	47	Touyou Chuugakkou	62-8116
	35	Muro Kouku Shiminkan	31-9650
	36	Muro Chiku Shiminkan	32-4615
Shiota	48	Muro Shougakkou	31-3101
	49	Muro Chuugakkou	31-2550
	37	Shiota Kouku Shiminkan	47-4761
	50	Shiota Shougakkou	47-3220
Nakano	51	Seishounen Center	46-8925
	38	Nakano Kouku Shiminkan	48-4003
	39	Nan'you Chiku Shiminkan	48-6576
	52	Nakano Shougakkou	48-2075
Isobe	53	Toyohashi Kougyou Koukou	45-5635
	40	Isobe Kouku Shiminkan	46-9440
	54	Isobe Shougakkou	45-2608
	55	Nan'you Chuugakkou	48-5620
Fukuoka	56	AIPLAZA Toyohashi	46-7181
	41	Fukuoka Kouku Shiminkan	45-9680
Sakae	57	Fukuoka Shougakkou	45-2328
	58	Toyohashi Chuo Koukou	54-1301
	42	Sakae Kouku Shiminkan	45-9675
	43	Nanbu Chiku Shiminkan	47-0974
Tsutsujigaoka	59	Sakae Shougakkou	45-5497
	60	Nanbu Chuugakkou	45-1228
	61	Jishuukan Koukou	45-3171
	62	Aichi Daigaku	47-4111
Imure	44	Tsutsujigaoka Kouku Shiminkan	64-5109
	63	Tsutsujigaoka Shougakkou	64-5121
Iwanishi	45	Imure Kouku Shiminkan	61-9892
	64	Imure Shougakkou	63-3165
Futagawa	65	Toubu Chuugakkou	63-1355
	46	Toubu Chiku Shiminkan	63-3810
	66	Iwanishi Shougakkou	61-2557
	47	Futagawa Kouku Shiminkan	41-1240
Futagawa	48	Futagawa Chiku Shiminkan	41-0551
	67	Futagawa Shougakkou	41-0550
Futagawa	68	Shichoukaku Kyouiku Center	41-3330

Telephone	Floods	Earthquake Tsunami	First Aid
54-1590			
52-3148			+
54-8108			
56-5818			
53-0638			
52-0484			
53-0103	⚠		
53-4477			
52-0396			
61-3146			
52-2256			
61-9860			
61-5632			
63-2331			
63-3793			
61-9861			
61-2607			
61-3278			+
62-3281			
61-9823			
61-7741			
62-6167			
62-8116			+
31-9650	⚠	⚠	
32-4615	⚠		
31-3101	⚠	⚠	+
31-2550	⚠	⚠	
47-4761	⚠	⚠	
47-3220	⚠	⚠	
46-8925	⚠	⚠	
48-4003			
48-6576			
48-2075			+
45-5635			
46-9440			
45-2608			
48-5620		⚠	
46-7181			
45-9680			
45-2328			
54-1301	⚠		
45-9675			
47-0974			
45-5497			
45-1228			+
45-3171			
47-4111			
64-5109			
64-5121			
61-9892			
63-3165			
63-1355			
63-3810			
61-2557			+
41-1240			
41-0551			
41-0550			+
41-3330			

(School) Districts	No.	Name of facilities	Telephone	Floods	Earthquake Tsunami	First Aid
Tanigawa	49	Tanigawa Kouku Shiminkan	41-4963			
	69	Tanigawa Shougakkou	41-0501			
Oosaki	50	Oosaki Kouku Shiminkan	25-2045			
	70	Oosaki Shougakkou	25-1720			
Ueta	51	Ueta Kouku Shiminkan	25-2046			
	71	Ueta Shougakkou	25-2619			
	72	Nanryo Chuugakkou	25-1318			
Ashihara	52	Ashihara Kouku Shiminkan	45-9718	⚠		
	73	Ashihara Shougakkou	48-1216	⚠		
	74	Takashi Roujin Fukushi Center	46-2557			
Takashi	53	Takashi Kouku Shiminkan	45-9716			
	54	Hongou Chiku Shiminkan	46-8487			
	75	Takashi Shougakkou	45-8216			+
	76	Hongou Chuugakkou	48-3116	⚠		
Miyuki	55	Miyuki Kouku Shiminkan	45-9666			
	56	Takashidai Chiku Shiminkan	48-1321			
	77	Miyuki Shougakkou	45-8105			
	78	Takashidai Chugakkou	46-4310			+
Oitsu	79	Toyohashi Science core	44-1111			
	57	Oitsu Kouku Shiminkan	23-1485			
	80	Oitsu Shougakkou	23-0025			
Sugiyama	81	Shounan Chuugakkou	23-1328			+
	82	Kasei Koutou Senshugakkou	23-0127			
Oshimizu	58	Sugiyama Chiku Shiminkan	23-2216			
	83	Sugiyama Shougakkou	23-0069			
Noyori	59	Oshimizu Kouku Shiminkan	25-1243			
	60	Nanryo Chiku Shiminkan	26-0010			
Tenpaku	84	Oshimizu Shougakkou	25-2418			+
	61	Noyori Kouku Shiminkan	25-2146			
Futagawa Minami	85	Noyori Shougakkou	25-2186			
	62	Tenpaku Kouku Shiminkan	45-9709			
Fujimi	86	Tenpaku Shougakkou	45-6165			
	63	Futagawa Minami Kouku Shiminkan	41-4964			
Tonami	87	Futagawa Minami Shougakko	41-6991			
	88	Futagawa Chuugakkou	41-0702			
	64	Fujimi Kouku Shiminkan	23-1402			
Takane	89	Fujimi Shougakkou	23-3232			
	65	Tonami Kouku Shiminkan	21-2845			
	66	Takatoyo Chiku Shiminkan	21-2824			
Ozawa	90	Tonami Shougakkou	21-2102			
	91	Takatoyo Chuugakkou	21-2101			+
Hosoya	67	Takane Kouku Shiminkan	21-2941			
	92	Takane Shougakkou	21-2105			
Hosoya	68	Ozawa Kouku Shiminkan	21-2844			
	93	Ozawa Shougakkou	21-1410			
	69	Hosoya Kouku Shiminkan	21-2943			
Hosoya	70	Inami Chiku Shiminkan	21-2729			
	94	Hosoya Shougakkou	21-1900			
	95	Inami Chuugakkou	21-1149			+

- ※  Medical Aid Stations will be set up in case of disaster. They provide a first aid care and treatment to minor injuries patients. Severe injuries patients will be transferred to hospitals.
- ※  Facilities with this mark will possibly suffer inundation due to flash floods or Tsunami. Pay attention to the situation when you evacuate.
- ※ This list shows facility names divided by districts. You can still choose the closest and safe facility as a refuge, regardless of the district division.

防災チェックガイド

平成 27 年 3 月発行

■ 編集・発行

公益財団法人豊橋市国際交流協会
〒440-0888
豊橋市駅前大通 2-33-1 開発ビル 3F

■ 編集協力

愛知県
公益財団法人愛知県国際交流協会
岡崎市
犬山市

■ 出典

防災・減災備 L ガイド 家庭編 / 愛知県
愛知県 防災・減災お役立ちガイド 外国語版 / 愛知県
豊橋市防災危機管理課 防災ガイドブック 日本語版 / 豊橋市

Emergency kit checklist**逃げるときに持っていくもの**

<input type="checkbox"/> Cash	お金
<input type="checkbox"/> Bankbook	銀行の通帳
<input type="checkbox"/> Personal seal (<i>inkan</i>)	印かん
<input type="checkbox"/> Passport	パスポート
<input type="checkbox"/> Resident card	在留カード
<input type="checkbox"/> Copy of health insurance card	健康保険証コピー
<input type="checkbox"/> International prepaid card	国際電話カード
<input type="checkbox"/> Contact Information	家族の連絡先を書いたメモ
<input type="checkbox"/> Mobile phone battery charger	携帯電話の充電器
<input type="checkbox"/> Tissue box	ティッシュ
<input type="checkbox"/> Towel	タオル
<input type="checkbox"/> Disinfectant cleaners	除菌シート
<input type="checkbox"/> Masks	マスク
<input type="checkbox"/> Raincoat	レインコート
<input type="checkbox"/> Flashlight	懐中電灯
<input type="checkbox"/> Lighter	ライター
<input type="checkbox"/> Knife	ナイフ
<input type="checkbox"/> Underclothing	下着
<input type="checkbox"/> Gloves	手袋
<input type="checkbox"/> Radio	ラジオ
<input type="checkbox"/> Foodstuffs	食べ物
<input type="checkbox"/> Helmet	ヘルメット
<input type="checkbox"/> Batteries	電池
<input type="checkbox"/> Water	水
<input type="checkbox"/> Eyeglasses	めがね
<input type="checkbox"/> Contact lenses and their accessories	コンタクトレンズ用品
<input type="checkbox"/> Sanitary goods	生理用品
<input type="checkbox"/>	
<input type="checkbox"/>	

Checklist of daily necessities to be stocked**何日も買い物ができないときのために用意するもの**

<input type="checkbox"/> Drinking water	飲み水
<input type="checkbox"/> Water for cooking/toilet use	料理やトイレなどで使う水
<input type="checkbox"/> Food	食べ物
<input type="checkbox"/> Water container	水を入れる容器
<input type="checkbox"/> Portable stove burner	カセットコンロ(ガス)
<input type="checkbox"/> Can opener	缶切り
<input type="checkbox"/> Blanket	毛布
<input type="checkbox"/> Clothes	服
<input type="checkbox"/> Candles	ろうそく
<input type="checkbox"/> Portable toilet	簡易トイレ
<input type="checkbox"/> Tooth brushing sheet	歯磨きシート
<input type="checkbox"/> Wet towels	ウェットタオル
<input type="checkbox"/> First aid kit	救急セット
<input type="checkbox"/> Housecleaning goods (broom, dustpan, etc.)	掃除用具(ほうき、ちりとり)
<input type="checkbox"/>	
<input type="checkbox"/>	

Disaster preparedness card

ぼうさい 防災カード

<p>Name なまえ 名前</p>	<p>Fire station しょうぼうしよ 消防署</p> <p>119</p>
<p>Nationality くに 国</p>	
<p>Blood type Rh(+ ・ -) けつえきがた 血液型</p> <p>A ・ O ・ B ・ AB</p>	
<p>Passport number パスポートナンバー</p>	<p>Police station けいさつしよ 警察署</p> <p>110</p>
<p>Resident card number/ Alien registration card number ざいりゅう がいこくじんとうろくしょう 在留カードナンバー／外国人登録証ナンバー</p>	
<p>Address in Japan にほん じゅうしょ 日本の住所</p>	<p>Disaster Emergency Message Dial さいがいようでんごん 災害用伝言ダイヤル</p> <p>171</p>
<p>Phone でん わ ばんごう 電話番号</p> <p>Fixed じ たく 自宅：</p> <p>Mobile けいたい 携帯：</p>	<p>Meeting place for your family さいがい かぞく あ 災害のときに家族で会うところ</p>
<p>Name of family members かぞく なまえ 家族の名前</p>	
<p>Your company/school かいしゃ がっこう 会社・学校など</p> <p>Name なまえ 名前：</p> <p>Address じゅうしょ 住所：</p> <p>Phone でん わ 電話：</p>	
<p>Friends in Japan にほん とも 日本の友だち</p> <p>Name なまえ 名前：</p> <p>Address じゅうしょ 住所：</p> <p>Phone でん わ 電話：</p>	<p>City/town/village office やくば 役場</p>
<p>Contact outside Japan がいこく れんらくさき 外国の連絡先</p> <p>Name なまえ 名前：</p> <p>Address じゅうしょ 住所：</p>	<p>Gas ガス</p>
<p>Contact outside Japan がいこく れんらくさき 外国の連絡先</p> <p>Name なまえ 名前：</p> <p>Address じゅうしょ 住所：</p>	<p>Electricity でん き 電気</p>
<p>Contact outside Japan がいこく れんらくさき 外国の連絡先</p> <p>Name なまえ 名前：</p> <p>Address じゅうしょ 住所：</p>	<p>Water supply すいどう 水道</p>